# Quality education ng Australia, ibabahagi ni Joy B sa QC

Ibabahagi ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang mga programa sa edukasyon sa Australia na maaaring makatulong sa pagpapabuti pa sa kalidad ng edukasyon sa Quezon City.

Si Belmonte ay nasa Australia ngayon para pag-aralan ang mga programa roon na makakatulong sa pagpapahusay pa ng kalidad ng edukasyon sa bansa partikular sa lungsod.

Si Belmonte ang nag-iisang delegado ng Pilipinas mula sa local government unit na naimbitahan para sa isang linggong Learning and Partnership Visit on Education Governance na inisponsoran ng Australian Agency for International Development (AusAid).

"We hope to learn a lot to improve education delivery here in Quezon City, the 'Millennial City'," pahayag ni Belmonte.

Bibisita rin si Belmonte sa Melbourne, Sydney, at Canberra upang pag-aralan ang iba't ibang aspeto ng pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon kasama ang mga opisyal ng Department of Education (DepEd), Commission on Higher Education (CHED), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at University of Southern Philippines.

"Since I am a great advocate of TECVOC (technical-vocational) education for immediate employment, this was my favorite lecture yesterday. I already have several ordinances in my head inspired by yesterday's very productive discussion," dagdag ni Belmonte.

Anya, nagkaroon din sila ng lecture sa Australian Institute for Teaching and School Leadership (AITS) hinggil sa pag-recruit at pagsasanay ng mga bagong guro.

Ayon kay Belmonte, malaki ang tulong ng AusAid sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa Pilipinas at isa dito ang $90 milyong 2014-2019 Basic Education Sector Transformation Program (BEST) na sumusuporta sa K to 12 education reform agenda. *(Angie dela Cruz)*